REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-06**

**KAPASIYAHAN NA NAGSAAD NG MALUGOD NA PAGBATI SA PUNONGBAYAN NG MUNTINLUPA AT TAGAPANGULO NG PANGASIWAAN NG KALAKHANG MAYNILA, KGG. IGNACIO R. BUNYE SA PAGKAKAHALAL BILANG PANGALAWANG PANGULO NG PACIFIC-ASIAN CONGRESS OF MUNICIPALITIES (PACOM) SA IKA-13 PACOM CONGRESS NA GINANAP SA CALGARY, CANADA.**

**************************************************************************

**Ipinanukala ni : KON. ROGER C. SMITH**

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Pilipino bilang isa sa mamamayan ng buong daigdig ay may likas na talino at kakayahan na kinikilala saan mang dako ng mundo;

**SAPAGKAT,** ang kaankinang ito ang siyang makapagbibigay di lamang ng katanyagan sa bansang Pilipinas kundi pati na rin ng paggalang ng sangkatauhan;

**SAPAGKAT,** ang pagkakahirang bilang Pangalawang Pangulo ng Pacific-Asian Congress of Municipalities **(PACOM)** ay isang malaking karangalan na nagpapatunay lamang ng pagpupunyagi ng ating **Punongbayan IGNACIO R. BUNYE** na maitaas ang pagkilala sa ating mga kababayan sa ibang bansa.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na bigyang pagbati ang Punongbayan ng Muntinlupa at Tagapangulo ng Pangasiwaan ng Kalakhang Maynila, KGG. IGNACIO R. BUNYE sa pagkakahalal bilang Pangalawang Pangulo ng Pacific-Asian Congress of Municipalities (PACOM).

**PINAGTIBAY** ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang ika-apat regular na pulong na ginanap noong ika-27 ng Hulyo, 1992 sa Session Hall, Pepople's Center, Bayan ng Muntinlupa.

**KASAMANG IPINANUKALA NINA :**

KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
KGG. VICENTE Y. CHUA

PINATOTOHANAN :

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

PINAGTIBAY :

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pangalawang Punongbayan/**
**Pangulong Opisyal**